★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 61 ★

Malaki ang kinikita ng mga kumpanya ng gamot mula sa mga karamdaman ng mga tao, at hindi lang pighati ang dulot ng problemang iyon. Maaaring ikamatay ang mga tumataas na presyo ng inireresetang gamot. Mas maraming Amerikano ang namamatay dahil sa hepatitis C kumpara sa lahat ng iba pang mga nakakahawang sakit—KAHIT NA MAYROON NAMANG LUNAS PARA DITO. Ang isang dahilan? Ang kumpanya ng gamot na kumokontrol dito ay sumisingil *ng mahigit $1,000 kada pilduras,* na masyadong mahal para sa karamihan ng mga pasyente.

Hindi lang ito ang halimbawa ng sobrang pagpepresyo ng isang kumpanya ng gamot:

• Ang presyo ng isang karaniwang pilduras na panlaban sa impeksyon ay tinaasan mula $13.50 patungong $750 sa isang gabi lang—*isang pagtaas na halos 5000%.* • *Ang average na taunang gastos sa mga espesyal na gamot na karaniwang ginagamit ay tinatayang umaabot ng halaga na $53,000*—mas malaki pa sa avarage na kita ng samabahayan sa bansa ($52,000) at mas malaki nang halos 3 1/2 beses kumpara sa average na mga taunang benepisyo sa Social Security na nagkakahalaga ng $15,000. • Ang isang gamot para sa kanser ay nagkakahalaga ng *$300,000 kada taon.*

Mas binibigyan ng priyoridad ng mga kumpanya ng gamot ang tubo kumpara sa mga tao, at ang mga kita ng mga may-ari ng sapi kumpara sa mga lunas para sa mga pasyente. Para saan pa ang mga gamot na nakakapagsagip ng buhay, kung sa sobrang mahal ng mga ito ay hindi kayang bilhin ng mga pasyente ang mga ito—at libu-libo ang namamatay bilang resulta?

Ang Proposisyon 61, Ang Batas sa Pagpapababa ng Presyo ng Gamot sa California, ay lumalaban sa sobrang pagpepresyo ng mga kumpanya ng gamot. At inaasahang makakapagsagip ito ng mga buhay. Ganito ito gagana: Aatasan ng Batas ang Estado ng California na makipagkasundo sa mga kumpanya ng gamot upang magkaroon ng mga presyo na hindi lalampas sa mga presyong binabayaran ng Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano ng U.S. (Department of Veteran's Affairs o DVA) para sa parehong mga gamot.

Bakit ang Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano? Dahil hndi gaya ng Medicare, nakikipagkasundo ang DVA para sa mga presyo ng gamot, at sa average ay 20–24% na mas mura ang binabayaran nito para sa mga gamot kumpara sa iba pang mga ahensya ng pamahalaan, hanggang 40% na mas mura kumpara sa Medicare Part D. Ang Batas sa Pagpapababa ng Presyo ng Gamot ay nagbibigay ng kapangyarihan sa Estado ng California, bilang ang nagkakaloob ng pangangalagang pangkalusugan para sa milyun-milyong residente ng California, na makipagkasundo para sa pareho o mas murang presyo para sa mga nagbabayad ng buwis, na makakabawas ng milyun-milyon sa mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan.

Ang mga kumpanya ng gamot ay nagpaplanong gumastos ng $100 milyon upang labanan ang panukalang ito *dahil alam nilang magreresulta ito sa pagbaba ng LAHAT ng presyo ng gamot*—at makakabawas sa napakalaki nilang kita.

Hindi lang kami ang nagsasabi nito, ang isang publikasyon para sa mga tagapagpaganap ng gamot na tinatawag na Prop. 61 *"GROUND ZERO"* sa pambansang laban para sa mas murang presyo ng gamot, ay nagbibigay ng babala na:

"Kung aaprubahan ng mga botante ng California ang proposisyon na ito . . . walang duda na hihingin din ng iba pang mga estado ang parehong antas ng diskwento, pati na ang pederal na pamahalaan at mga pribadong entidad ng pangangalagang pangkalusugan. *SA MADALING SALITA, MAGKAKAROON NG SAKUNA SA PAGPEPRESYO ANG BUONG INDUSTRIYA NG GAMOT NG U.S."*

Ngunit ang "sakuna sa pagpepresyo" para sa mga kumpanya ng gamot ay magdudulot naman ng mas murang presyo ng gamot para sa mga residente na salat sa pera.

Ang Prop. 61 ay sinusuportahan ng Kapisanan ng mga Nars ng California na binubuo ng 86,000 miyembro—ang pinakamalaking organisasyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa estado; ng AARP, ang pinakamalaking grupo ng mga retirado sa California, na may 3.3 milyong miyembro; ng Liga ng Kalunsuran; ng Kampanya para sa isang Malusog na California, at ng maraming unyon ng paggawa; ng Mga Progresibong Demokratiko ng Amerika; ni Sen. Bernie Sanders; ng dating Kalihim ng Paggawa ng U.S. na si Robert Reich; at marami pa.

SAMAHAN KAMI SA LABAN KONTRA SA MATATAAS NA PRESYO NG GAMOT AT PAGKASAKIM NG MGA KUMPANYA NG GAMOT. BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 61. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa *www.StopPharmaGreed.com.*

ZENEI CORTEZ, RN, Kasamang Presidente
Kapisanan ng mga Nars ng California/Pambansang Tagaorganisang Komite ng mga Nars

NANCY MCPHERSON, Direktor ng Estado
AARP California

SENATOR ART TORRES (Ret.), Tagapangulo
Partidong Demokratiko ng California (1996–2009)

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 61 ★

Pinabulaanan ng mga nangungunang eksperto ang pahayag ng mga may-panukala na mapapababa ng Prop. 61 ang mga presyo ng gamot. Sa katunayan, AYON SA MGA EKSPERTO AY TATAAS LANG LALO ANG MGA PRESYO NG GAMOT DAHIL SA PROP. 61.

Ayon sa *Kapisanang Medikal ng California*, ang nangungunang organisasyong medikal ng estado na kumakatawan para sa 41,000 doktor:

"Bagama't lubos na inaalala ng mga doktor ng California ang presyo ng mga inireresetang gamot, sinuri namin ang panukalang ito at napag-alaman namin na marami itong maidudulot na problema. Naniniwala kami na patataasin nito—at hindi pababababain—ang mga presyo ng inireresetang gamot sa estado."

Ayon sa iginagalang at independiyenteng *Manunuri ng Lehislatura ng Estado ng California*, ang Prop. 61 *"ay maaaring magresulta sa pagtaas ng gastos ng estado sa mga inireresetang gamot."*

Kontra ang *Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California* sa Prop. 61 dahil magdudulot lang ito ng bagong burukrasya at napakaraming paghahabla—NA MAGRERESULTA SA GASTOS SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS NA NAGKAKAHALAGA NG MILYUN-MILYONG DOLYAR.

Hinihikayat ng *Mga Beterano ng Digmaan sa Ibang Bansa (Veterans of Foreign Wars o VFW)*, Kagawaran ng California ang pagboto ng HINDI sa 61 dahil maaari itong magresulta sa pagkawala ng mga espesyal na diskwentong ibinibigay sa Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano ng U.S. at PAGTAAS NG MGA PRESYO NG GAMOT PARA SA MGA BETERANO.

Sino ang nasa likod ng panukalang ito?

Ang Prop. 61 ay isinulat ni Michael Weinstein, ang presidente ng isang organisasyon na kumikita ng $1 bilyon kada taon para sa pagbebenta ng mga inireresetang gamot at pagpapatakbo ng mga HMO. Ang kanyang grupo ay gumagastos ng milyun-milyon upang pondohan ang kampanya. Ngunit hindi niya isinaklaw ang sarili niyang organisasyon sa mga probisyon nito sa pagpepresyo ng gamot. Hindi niya dapat hilingin sa mga residente ng California na aprubahan ang isang inisyatibong may problema na ayaw naman niyang sundin.

Ang Prop. 61 ay KINOKONTRA NG MAHIGIT SA 100 ORGANISASYON SA CALIFORNIA, kasama na ang:

• Mga Beterano ng Vietnam ng Amerika, Konseho ng Estado ng California • Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California • Mga Beterano ng Digmaan sa Ibang Bansa (Veterans of Foreign Wars o VFW), Kagawaran ng California • California NAACP • Kongreso ng mga Espesyalista sa Pagpapaanak at Hinekolohiya ng Amerika (ACOG)—Distrito IX/CA • Kapisanang Medikal ng California

Ang Prop. 61 ay maraming problema at magastos. Bumoto ng HINDI.

www.NoProp61.com

STEVE MACKEY, Presidente
Mga Beterano ng Vietnam ng Amerika, Konseho ng Estado ng California

WILLIAM M. REMAK, Tagapangulo
Puwersang Tagakilos Laban sa Hepatitis C ng California

ALICE A. HUFFMAN, Presidente
California NAACP

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 61 ★

Ang Proposisyon 61 ay isang nakakapanlinlang na panukala na maraming problema at magastos.

Ang Prop. 61 ay isinulat at isinusulong ni Michael Weinstein, ang kontrobersiyal na presidente ng isang kumpanya na kumita ng mahigit $1 bilyon mula sa pagbebenta ng mga inireresetang gamot at polisa sa HMO. Nakakapagduda na hindi niya isinaklaw ang sarili niyang HMO sa pagsunod sa panukalang isinulat at isinusulong niya.

• Ayon sa *Mga Beterano ng Digmaan sa Ibang Bansa, Kagawaran ng California* ang Prop. 61 ay magkakaroon ng masamang epekto sa mga beterano. • Ayon sa *Kapisanang Medikal ng California*, na kumakatawan para sa 41,000 doktor, ang Prop. 61 ay makakaapekto sa kakayahan ng mga pasyente na makakuha ng mga gamot. • Ayon sa *Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California* ang Prop. 61 ay magdudulot ng bagong burukrasya at mga paghahabla—na magreresulta sa gastos ng mga nagbabayad ng buwis na nagkakahalaga ng milyun-milyon.

HINDI SAKLAW NG PROP. 61 ANG 88% NG MGA RESIDENTE NG CALIFORNIA. NGUNIT MAY NEGATIBONG EPEKTO ITO SA LAHAT NG RESIDENTE NG CALIFORNIA

Ang saklaw lang ng proposisyon ay isang grupo ng mga pasyente sa ilang partikular na programa ng pamahalaan ng estado, kasama na ang ilang empleyado ng pamahalaan at bilanggo ng estado. Hindi saklaw ang mahigit 88% ng mga residente ng California. Mahigit 10 milyong pasyente ng Medi-Cal na maliit ang kita, 20 milyong residente ng California na may pribadong seguro sa kalusugan at Medicare, at milyun-milyon pa—*LAHAT AY HINDI SAKLAW*.

ANG PROP. 61 AY MAAARING MAGRESULTA SA PAGTAAS NG PRESYO NG INIRERESETANG GAMOT PARA SA MGA BETERANO

Ang Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano ng US ay nakakatanggap ng mga espesyal na diskwento sa mga inireresetang gamot para sa mga beterano. Ang panukalang ito ay maaaring magresulta sa pagkawala ng mga diskwentong ito at pagtaas ng mga presyo ng inireresetang gamot para sa mga beterano. Ito ang dahilan kung bakit kinokontra ng mahigit isang dosenang grupo ng beterano ang panukalang ito, kasama na ang:

• Mga Beterano ng Digmaan sa Ibang Bansa, Kagawaran ng California • Mga Beterano ng Vietnam ng Amerika, Konseho ng Estado ng California • Lehiyong Amerikano, Kagawaran ng California
• AMVETS, Kagawaran ng California

AYON SA MGA DOKTOR AT TAGAPAGTAGUYOD NG PASYENTE, ANG PROP. 61 AY MAKAKAAPEKTO SA KAKAYAHANG MAKAKUHA NG MGA KINAKAILANGANG GAMOT

Ang Prop. 61 ay magreresulta sa bagong burukrasya sa proseso ng paunang pag-apruba na makakaapekto sa kakayahan ng pasyente na makakuha ng mga kinakailangang gamot.

Ang mga nangungunang grupong pangkalusugan ay kontra sa Prop. 61, kasama na ang:

• Kapisanang Medikal ng California • Kongreso ng mga Espesyalista sa Pagpapaanak at Hinekolohiya ng Amerika (ACOG)—Distrito IX/CA
• Koalisyon Laban sa Kanser sa Obaryo ng Kalakhang California

ANG PROP. 61 AY MALAMANG NA MAKAPAGPATAAS NG PRESYO NG INIRERESETANG GAMOT SA ESTADO

Ang Prop. 61 ay magreresulta sa pagkawala ng mga diskwento sa gamot na kasalukuyang natatanggap ng estado—na magdaragdag ng milyun-milyong dolyar sa mga gastos sa inireresetang gamot ng estado kada taon. Ayon sa di-partidistang Manunuri ng Lehislatura ng estado, maaaring pataasin ng panukala ang paggastos ng estado sa maraming inireresetang gamot.

DAGDAG NA BURUKRASYA AT MAS MALAKING GASTOS NG NAGBABAYAD NG BUWIS

Kontra ang Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California sa Prop. 61. Hindi nililinaw ng panukala kung paano ito ipapatupad. Ang pagpasa ng panukalang ito ay magreresulta sa dagdag na burukrasya at mga paghahabla dahil mahihirapan ang mga ahensya ng estado na ipatupad ito—na magdudulot ng gastos sa mga nagbabayad ng buwis na nagkakahalaga ng milyun-milyon.

ANG NAGSUSULONG NG PANUKALA AY NAGSULAT NG MGA ESPESYAL NA PROBISYON PARA SA SARILI NIYANG ORGANISASYON

Hindi isinaklaw ng may-panukala ang kanyang organisasyon na kumikita ng bilyun-bilyong dolyar, at nagsulat siya ng mga probisyon na magbibigay sa kanya ng espesyal na karapatang maghabla hinggil sa panukalang ito. Inaatasan ng probisyong ito ang mga nagbabayad ng buwis sa California na bayaran ang kanyang mga abugado—nang walang limitasyon.

Ang Proposisyon 61 ay isa na namang halimbawa ng mapanlinlang at magastos na panukala sa balota. Ito ay makakasama sa mga beterano; makakaapekto sa kakayahan ng pasyente na makakuha ng mga kinakailangang gamot; makakapagpataas ng mga gastos sa inireresetang gamot ng estado; at magdaragdag ng burukrasya at mga paghahabla—na magreresulta sa gastos ng mga nagbabayad ng buwis na nagkakahalaga ng milyun-milyon.

SAMAHAN ANG MGA BETERANO, DOKTOR, TAGAPAGTAGUYOD NG PASYENTE, GRUPO NG NAGBABAYAD NG BUWIS: Bumoto ng HINDI sa 61.

www.NoProp61.com

DALE SMITH, Kumander
Mga Beterano ng Digmaan sa Ibang Bansa, Kagawaran ng California
RANDY MUNOZ, Bise Tagapangulo, Kapisanan ng Latino Laban sa Diabetes
GAIL NICKERSON, Presidente
Kapisanan ng mga Rural na Klinikang Pangkalusugan ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 61 ★

Gusto kayong papaniwalain ng mga kumpanya ng gamot na kontra sila sa Prop. 61 dahil hindi nito masasaklaw ang bawat pagbili ng gamot sa California. Para na ring sinabi ng NRA na kontra ito sa pagbabawal ng mga assault-weapon dahil hindi sapat ang bilang ng mga uri ng mga baril na saklaw nito.

ANG INAALALA LANG NG MGA KUMPANYA NG GAMOT AY ANG PAGPAPANATILI NG MATATAAS NILANG PRESYO AT KITA!

Huwag magpalinlang sa kanilang kampanya ng panloloko at kasinungalingan na inaasahang umabot ng $100 milyon ang halaga. Kapag bumoto kayo laban sa 61, patuloy lang kayong lolokohin ng mga kumpanya ng gamot, pati na ang inyong pamilya.

Salungat sa sinasabi nila sa mga botante, may dahilan kung bakit ang Hindi sa kampanya para sa Prop. 61 ay PINOPONDOHAN LANG HALOS NG MGA KUMPANYA NG GAMOT NA WALA SA ESTADO. Narito ang mga sinasabi ng mga mismong gumagawa ng gamot, sa mga publikasyong gaya ng *Tagapagpaganap ng Gamot:*

"Malinaw na kung maipapasa ang proposisyong ito sa pagpepresyo sa California, MALAKING PROBLEMA ANG KAKAHARAPIN NG INDUSTRIYA NG GAMOT NG AMERIKA . . . Malaki ang magiging epekto nito sa bawat pampublikong programa ng gamot ng estado sa bansa, pati na sa mga pederal na programa ng Medicaid at Medicare."

Nagbabanta rin ang mga kumpanya ng gamot na taasan ang mga presyo ng gamot para sa mga beterano, NGUNIT HANGGANG BANTA LANG SILA. INIAATAS NG pederal na batas ang pagbibigay ng mga diskwento para sa Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano, ang mga kumpanya ng gamot ay hindi nagbebenta ng mga mas murang gamot sa mga beterano dahil sa kabutihan ng kanilang puso.

Suportahan ang Prop. 61 kasama ng:

• Kapisanan ng mga Nars ng California • AARP California • Liga ng Kalunsuran • Pundasyon ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa AIDS • Pondo sa Aksyon ng VoteVets • Kapisanan ng mga Organisasyong Pangkalusugan para sa Asian Pacific na Komunidad • Mga Progresibong Demokratiko ng Amerika

ANG PROPOSISYON 61 LANG ANG MAGBIBIGAY NG KAKAYAHAN SA MGA ORDINARYONG MAMAMAYAN NA LABANAN ANG KAPANGYARIHAN AT KASAKIMAN NG MGA KUMPANYA NG GAMOT. *www.StopPharmaGreed.com*.

OTTO O. YANG, M.D., Direktor ng Agham
Pundasyon ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa AIDS
CAPTAIN SHAWN TERRIS (Ret.), Tagapangulo
Kawkus ng mga Beterano ng Partidong Demokratiko ng California
NOLAN V. ROLLINS, Presidente
Liga ng Kalunsuran ng Los Angeles/Kapisanan ng mga Liga ng Kalunsuran ng California

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.